

Pagsasanay para sa Tagapag-alaga ng Pamilya.

Ang pagpapakahulugan ng serbisyo at mga limitasyon na nakasaad sa ibaba ay hindi kasama ang lahat ng mga detalye at kinakailangan. Para sa mga pamantayan ng serbisyo, mga limitasyon, uri at kwalipikasyon ng tagapagbigay, at impormasyon tungkol sa pagbabayad, sumangguni sa naaangkop na Medicaid HCBS DD Waiver.

Pagkakaroon ng Waiver

Waiver ng Suporta sa Pamilya (FSW).

Mga Code ng Serbisyo ng NFOCUS

Pagsasanay para sa Tagapag-alaga ng Pamilya 5827

Pagpapakahulugan ng Serbisyo

Ang serbisyo ng Pagsasanay para sa Tagapag-alaga ng Pamilya ay nakatuon sa tao at nagbibigay ng indibidwal na pagsasanay at edukasyon sa hindi bayad na tagapag-alaga na kasalukuyang nakatira sa tahanan ng pamilya at nagbibigay ng suporta sa kalahok.

Mga Kondisyon ng Pagkakaloob

- A. Pinipili ng isang kalahok ang bawat serbisyo batay sa kanilang pangangailangan.
 1. Ang mga serbisyo ay dapat na magpataas ng kasarinlan at integrasyon sa komunidad; at
 2. Ang napiling mga serbisyo sa pag-iwas at kung sino ang nagbibigay nito ay dokumentado sa Individual Support Plan (ISP) ng kalahok.
- B. Ang Pagsasanay para sa Tagapag-alaga ng Pamilya ay nilalayon upang tulungan ang hindi bayad na tagapag-alaga na maunawaan at matugunan ang mga pangangailangan ng kalahok sa pamamagitan ng pagpapalawak ng kanilang sariling mga kasanayan at kaalaman upang maging mas bihasa sa pagtulong sa kalahok na maabot ang kanilang mga layunin sa buhay.
- C. Ang serbisyo ng Pagsasanay para sa Tagapag-alaga ng Pamilya ay maaaring tumukoy sa mga sumusunod na larangan:
 1. Maunawaan ang kapansanan ng kalahok na tinutulungan;
 2. Magkaroon ng mas mataas na kasanayan at tiwala sa sarili sa pagbibigay ng suporta;
 3. Mag-develop o magpalakas ng mga pangunahing estratehiya sa pagpapalaki ng anak; at
 4. Ang iba pang mga lugar upang ang walang bayad na tagapag-alaga ay maaaring mas epektibong suportahan ang ninanais na mga layunin at mga resulta ng kalahok tulad ng inilarawan sa plano ng serbisyo na nakasentro sa tao.
- D. Ang serbisyo ng Pagsasanay para sa Tagapag-alaga ng Pamilya ay dapat na kinakailangan upang makamit ang mga inaasahan na resulta na nakikilala sa plano ng serbisyo na nakasentro sa tao ng kalahok at dapat na direktang nauugnay sa papel ng hindi bayad na tagapag-alaga sa pagsuporta sa kalahok sa mga lugar na tinukoy sa plano ng serbisyo na nakasentro sa tao. Ang lahat ng pagsasanay para sa tagapag-alaga na nagbibigay ng walang bayad na suporta sa kalahok ay dapat isama sa plano ng serbisyo ng kalahok.
- E. Ang Pagsasanay para sa Tagapag-alaga ng Pamilya ay may mga sumusunod na limitasyon:
 1. Ang serbisyong ito ay hindi maaaring ibigay upang magsanay o magturo sa mga bayad na tagapag-alaga.
 2. Ang serbisyong ito ay hindi dapat magpatong-patong sa, palitan, o magkapareho ng iba pang mga katumbas na serbisyo na ibinibigay sa pamamagitan ng Medicaid State plan, kabilang ang EPSDT, o mga serbisyo ng HCBS Waiver.

Mga Kinakailangan para sa Tagapagbigay

Ang impormasyong nakasaad sa ibaba ay hindi kasama ang lahat ng mga kinakailangan para sa tagapagbigay. Ito ay nilalayong maging pangkalahatang impormasyon tungkol sa mga tagapagbigay ng partikular na serbisyong DD na ito.

- A. Ang lahat ng mga tagapagbigay ng mga serbisyo sa waiver ay dapat:
 - 1. Maging isang tagapagbigay ng Medicaid;
 - 2. Sumunod sa lahat ng naaangkop na mga titulo ng Nebraska Administrative Code at Pang Estadong Batas ng Nebraska;
 - 3. Sumunod sa mga pamantayan na inilarawan sa Kasunduan ng Tagapagbigay ng Serbisyo ng Division of Medicaid at Pangmatagalang Pangangalaga;
 - 4. Kumpletuhin ang mga pagsasanay sa DHHS sa kahilingan; at
 - 5. Gamitin ang pangkalahatang mga pag-iingat.
- B. Ang Pagsasanay para sa Tagapag-alaga ng Pamilya ay maaaring ialok ng isang nagbebenta.
 - 1. Ang isang vendor ay isang kumpanya o ahensya na nakarehistro bilang tagapagbigay ng Medicaid, ngunit hindi sertipikado bilang tagapagbigay ng DD.
- C. Ang Pagsasanay para sa Tagapag-alaga ng Pamilya ay hindi maaaring pamahalaan nang mag-isa.
- D. Ang kamag-anak ng kalahok, ngunit hindi isang tagapag-alaga o iba pang legal na responsable na tao ng kalahok, ay maaaring magbigay ng Pagsasanay para sa Tagapag-alaga ng Pamilya kapag natugunan nila ang iba pang mga kinakailangan. Dahil ang serbisyong ito ay makukuha lamang mula sa mga tagapagbigay ng ahensya, kinakailangan ang kamag-anak na maging empleyado ng isang tagapagbigay ng ahensya.

Mga Singil

- A. Ang Pagsasanay para sa Tagapag-alaga ng Pamilya ay kabilang ang bayad para sa pagpaparehistro at mga bayarin sa pagsasanay na may kaugnayan sa pormal na instruksiyon sa mga larangan na may kinalaman sa mga pangangailangan ng kalahok na itinukoy sa plano ng serbisyo. Walang makukuhang kabayaran para sa paglalakbay/transportasyon, pagkain, at tuluyan sa magdamag upang dumalo sa isang pagsasanay o komperensiya.
- B. Ang halaga ng mga serbisyong naunang inaprubahan ay nakabatay sa pangangailangan ng kalahok ayon sa nakadokumento sa plano ng serbisyo na nakatuon sa tao, at sa loob ng aprubadong taunang badyet ng kalahok.
- C. Ang mga gastos para sa mga programang pang-edukasyon/pagsasanay, mga workshop, at pagpaparehistro sa mga kumperensiya para sa hindi bayad na tagapag-alaga ay limitado hanggang \$500.00 bawat taon ng badyet.
- D. Ang mga singil ng DD ay nakalista sa [DD Provider webpage](#).
 - 1. Isa lamang na iskedyul ng bayad ang mabisa sa isang pagkakataon.
 - 2. Ang petsa ng pagsisimula ay nasa bawat iskedyul; sa sandaling ang iskedyul ng bayad ay hindi na may bisa ay idinagdag ang isang petsa ng pagtatapos.